**Pamagat**: Tinanggihan ang Dios

**Texto**: Lk. 14:16 "Then said he unto him, A certain man made a great supper, and bade many:"
*Pagsasalin*: "Ngunit sinabi ni Jesus sa kaniya: Isang lalaki ang naghanda ng malaking hapunan at nag-anyaya ng marami." (Lucas 14:16)

**Panimula**:

1. Ang Panginoong Jesus ay nagturo at gumamit ng "Parable" (talinghaga, o kathang may aral o parabula). Isang kwento na may makalangit na mensahe: "The Parable of the Great Supper" o ang Talinghaga ng Dakilang Hapunan.
2. Makikita natin dito ang iba't-ibang mga dahilan kung bakit ang tao ay tumatanggi sa Dios, at kung ano ang kanilang huling wakas.
3. Sa paguugali nila noon, ang imbitasyon ay ipinamamahagi muna sa mga pribilehiyo at mga may karangalan, pagkatapos kapag ang hapunan ay handa na, mayroong pangalawang imbitasyon: "halina", "oras na," mangan tamu, mangaon na kita, mangao ta,… (v.17).
4. Pero sa (v.18) sila ay tumanggi – isa isa silang tumanggi – lahat sila ay tumanggi. Ganito po ang ugali ng maraming mga tao, ito ay ang mga dahilanan nila sa pagtatanggi sa Dios.

I. **Ang Pangunahing Imbitasyon ng Dios**: (v.16) "bade many" – past-tense ng "bid" – masaganang pakikiusap o hiling.

   A. Bago tayo nakarinig ng Salita ng Dios o pangangaral ng salita ng Dios, inilagay sa ating puso at isisp ang isang katutubong gawi o kalikasan o likas na ugali na tayo ay mayroong paniniwala na mayroong Dios (o maaring sinasabi ng iba: mataas na kapangyarihan). Ito ay likas at pandaigdig. Binigyan tayo ng ating Manlilikha ng isang maka-Dios na inklinasyon o natural na pagkahilig sa Dios. Walamang ditalye, pero naroon na ang katutubong gawi patungkol sa Dios. Ito po ay isa sa mga pangunahing imbitasyon ng Dios. Sa paglalang ng lahat, ihinanda tayo ng Dios para sa pananampalataya.
   B. Pero noong narinig ng iba ang mga detalye: magsisi at sumampalataya! Tanggapin si Jesus bilang iyong Tagapamagitan at Tagapagligtas, siya lamang ang asahan at hindi si Maria o mga santo o simbahan o iglesia o pagbabawtismo – bigla na lang tinatanggihan ng tao ang pangalawang imbitasyon ng Dios – ang mga ito ay nakadetalye sa salita ng Dios.

II. **Ang Pagtatanggi ng mga Inimbitahan**: (v.18-20) – "magdahilan"

   A. "Bumili ako ng isang bukid. Kailangan ko itong puntahan at tingnan."; "Bumili ako ng limang tambal na baka. Pupuntahan ko ito upang masubukan."; "Bagong kasal ako. Dahil dito, hindi ako makakapunta." - Ang lahat, sa iisang paraan, ay nagsimulang magdahilan.
   B. Ang Dios ay sapat na maawain upang bigyan tayo ng dalawang imbitasyon. Sino ba tayo? Tayo ay makasalanang tao at pansamantala lamang sa mundong ito. Ilang taon lang ang lumipas hindi na natin maalala ang iba sa atin, pero ang Dios araw-araw Niya tayong tinatawag, Iniimbitahan, inuudyok tayo na magsisi at sumampalataya kay Jesus.
   C. Kaya itong "parable" ay tunay na larawan ng ugali at pamamaraan ng tao – ang pagtanggi niya sa isang dakila at maawain na Dios. Kamangmangan ang kailangan mo ng doktor pero ayaw mong pumunta sa doktor at magpagamot – ganito rin ang tao na ayaw lumapit sa Dios para tanggapin ang Anak ng Dios bilang kanyang kapalit at sampalatayanan niya ang gawa ng Panginoong Jesus sa krus para sa kanya.
   D. Pakinggan niyo itong dakilang imbitasyon: "Pumarito kayo sa akin, Kayong lahat na napapagal at nabibigatang lubha, at bibigyan ko kayo ng kapahingahan." (Mateo 11:28)

**Katapusan**:

1. Ang Dios ay nagsabi: "Pumarito kayo sa akin" pero ang sabi ng iba: "hindi ako makakapunta."
2. Ang pagtatanggi ng tao ngayon ay dahil hindi nila tinitimbang ang halaga ng walang-hanggan sa kasalukuyan na pansamantala lamang.
3. Ang ihinanda ng Dios para sa atin: relasyon sa Kanya; pakikisama sa Dios; ito ang dakilang hapunan na ihinada na ng Dios para sa atin. Tulungan ka nawa ng Banal na Espiritu na sumagot ng Opo, Panginoon, sasama na po ako sa inyo, dahil kay Jesus.